Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

# Ika-61 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

**Pinamatnugan at inilathala ng:**
**Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki, Enero 25, 2018**
（Wikang Hapon）http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
（Wikang Hapon na madaling maintindihan）http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## Pagsali sa mga ibento

Maliban sa pagsagawa ng walong meeting sa isang taon, ang pulong ng mga Kinatawan ng Dayuhan, ay nagsasagawa din ng iba't ibang aktibidad. Upang isaunlad ang layunin ng Lungsod na maging lugar na may iba't ibang kultura, sumasali ang mga kinatawan sa mga ibento at nakikipagtalakayan sa mga residente ng Lungsod.

Ngayong taon, kagaya ng mga nakalipas na taon, ay sumali kami sa "International Festival in Kawasaki", "Tabunka Fiesta Saiwai", at "Kawasaki Citizens' Festival".

### ≪International Festival in Kawasaki≫

Ginanap ito noong ika-2 ng Hulyo, 2017 Linggo, sa Kawasaki International Center. May dumalong 15,400 na katao.







- Nagsagawa kami ng quiz tungkol sa Kawasaki at mga dayuhang residente nito. Meron ding pagdrawing ng flag at pag-gawa ng puzzle. Nagawa ng mga kinatawan na makipagtalakayan sa mga dumalo sa ibento.

## ≪Tabunka Fiesta Saiwai≫

Ginanap ang Tabunka Fiesta Saiwai noong ika-9 ng Setyembre 2017, Sabado.





● Nagawa naming makipag-usap sa mga lokal na residente noong Tabunka Fiesta Saiwai.

## ≪Kawasaki Citizens' Festival≫

Ginanap ang Kawasaki Citizens' Festival noong ika-3 ng Nobyembre 2017 Biyernes, hanggang ika-5 ng Nobyembre Linggo. Ang mga kinatawan ay sumali noong ika-5 ng Nobyembre Linggo.








● Ipinakilala namin ang Kinatawan ng mga Dayuhan sa pagsali sa parade at pagsuot ng katutubong damit. Maraming mga kumaway mula sa mga daanan at ito ay nakakagalak sa amin, Kagaya ng mga nakaraang taon, ngayong taon ay sikat din ang pinamimigay na tsaa ng iba't ibang bansa.

# Pag-ganap ng Open Forum

Iginanap ang 2017 Open forum noong ika-19 ng Nobyembre, Linggo sa Kawasaki International Center mula alas dos hanggang alas singko ng hapon. Ngayong taon ay may 100 na katao ang dumalo.

Ngayong taon, ipinakilala ng mga Kinatawan ang mga tema na nais ipropose sa lungsod, at kami ay humingi ng komento at opinyon ukol dito mula sa mga dumalo. Sinimulan ang miting sa pagpapakilala ng mga proposal sa lahat ng dumalo. Pagkatapos nito ay hinati sa dalawang grupo at nagsagawa ng Q&A at palitan ng opinyon sa bawat grupo. Ang mga kaganapang ito ay pinagdiskusyonan nang bumalik sa buong grupo. Ang tema ng Group A ay “Orientation para sa mga dayuhan”, at ang tema ng Group B ay “Pag-apply sa daycare” at “Multicultural na pamumuhay sa evacuation shelter”.

Sa open forum na ito, kami ay nakatanggap ng maraming opinyon at ideya. Ito ay aming nais gamitin sa diskusyon sa mga natitirang miting upang makagawa ng mabuting proposal.
















Nakakuha kami ng mga sagot sa survey na, “Matagal na ako sa Japan, kaya’t may mga nakalimutan na ako tungkol sa una kong pagdating dito. Dahil sa meeting na ito, napag-isip ako tungkol sa mga importanteng bagay para sa mga bagong dating sa Japan”, “Napag-isipan ko kung ano ang mga nais na ipasagawa ng mga Japanese sa mga dayuhan.”, “Mabuti ito dahil nagawang makipagtalakayan ng lungsod at mga foreigners. Sana ay maging daan ito upang magkaroon ng mas mabuting pamumuhay ang mga Japanese at dayuhan”, at “Aking naramdaman na nais ng mga dayuhang nakatira sa lungsod na magkaroon ng diskusyon upang maging mas mabuting lugar ang Kawasaki. Napakaimportante na magkaroon ng mapayapang pamumuhay ang bawat tao anuman ang kanilang nasyonalidad o uri”.

Nagkaroon din kami ng pagsasalo pagkatapos ng open forum. Kahit na saglit lang ito, nagkaroon kami ng oras para ituloy ang mga diskusyon at magkaroon ng mabuting panayam sa mga dumalo. Para sa mga dumalo sa open forum, maraming salamat.

## Inirerekumendang Lugar sa Mundo **Ang Ladakh ng India**

Maraming tao ang iniisip na mainit sa India. Ngayon, nais kong ipakilala ang isang lugar sa India na malamig na ang ngalan ay Ladakh.

Ang Ladakh ay nasa Jammu at Kashmir na malapit sa border ng China at Pakistan. May isang oras papunta dito gamit ang eroplano mula sa Delhi hanggang sa pangunahin bayan ng Ladakh na Leh. May taas ito na 3,500m na may mapanglaw na kayumangging lupa, na dinadalhan ng biyaya mula sa Ilog ng Indus, at napaliligiran ng Himalayan Range at Karakoram Range, at sumasakop sa higit sa kalahati ng silangang bahagi ng Kashmir. Matuyo ang klima at kaunti lamang ang pag-ulan sa lugar na ito. Ang pag-ulan sa isang taon ay 1/8 lamang ng pag-ulan sa Delhi. Tuwing summer, pwedeng lumagpas ng 30 degree Celsius ang temperatura, ngunit sa winter, umaabot ng pababa ng -20 degree celsius sa lamig. Ang summer ay mula Hunyo hanggang Setyembre, at maikli lang ang spring at autumn, habang ang natitirang oras ay isang mahabang taglamig.

Noon, tinatawag itong Kaharian ng Ladakh, ngunit noong ika-19$^{th}$ century, naisama ito sa kaharian ng Kashmir. Ang Ladakh ay nasa kalipunan ng kultura ng Tibet at malimit itong tawaging Maliit na Tibet. Kilala din ito bilang isang Tibetan Buddhist Center.

Sa region ng Ladakh, ang kilalang mga pagkain ay mga pagkain ng Tibet. Ang mga kaining ito, kagaya ng Thukpa na parang rame, Thantuk (wantanmen), Mog mog (gyoza), ay may light na panlasa na madaling kainin para sa mga Japanese. Kilala din dito ang mga pagkain ng India kagaya ng vegetable curry o Chapati. Sa mga malaking bayan o mga bayan na may maraming Muslim, madalas ang mga pagkain na gawa sa chicken o mutton.









Sinabi sa aking ng aking kaibigan na nakapunta ng Ladakh, na dahil sa karanasan na maramdaman ang napakagandang kalikasan, nabago ang pagtingin nya sa buhay. Malayo ito kaya mayron sigurong mga pag-alala sa pagpunta dito, ngunit para sa mga nais na magkaroon ng bagong pananaw, mangyaring bisitahin ang lugar na ito.

(Chakravarty Arunanshu)

**【Para sa tanong】**
**Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian,**
**Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki**
210-0007 Kawasaki Frontier Building 9$^{th}$ Floor, Ekimae Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod namin tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.
古紙パルプ配合率70%再生紙を使用